BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Pebrero 24, 2020
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

Pinapahintulutang panahon ng pagsunog, magsisimula na para sa mga pagsunog para sa pamamahala ng latian sa panahon ng tagsibol

SAN FRANCISCO - Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na magsisimula sa Linggo, Marso 1, ang panahon ng bukas na pagsunog sa panahon ng tagsibol para sa mga pagsunog para sa pamamahala ng latian.

Ang mga pagsunog para sa pamamahala ng latian ay maaari lang gawin sa araw ng PAGSUNOG, sa panahon ng pinapahintulutang panahon ng pagsunog na natukoy ng Air District. Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga pinapahintulutang araw ng PAGSUNOG kapag may umiiral na *Alerto na Iligtas ang Hangin*

Nagtatakda ng mga pagsunog para sa pamamahala ng latian upang mapaganda ang latian na tirahan ng mga ligaw na hayop. Gaganapin ang panahon ng bukas na pagsunog para sa pamamahala ng latian sa Marso 1 hanggang Abril 15. Dapat ay mapagpasyahan bilang kinakailangan ng Kagawaran para sa Mga Isda at Ligaw na Hayop ng California ang lahat ng pagsunog para sa pamamahala ng latian. Hindi papayagan ang pagsunog sa anumang lupain nang mahigit sa isang beses sa dalawang taon, at hindi maaaring lumampas sa 100 ektarya ng anumang property ang maaaring sunugin sa isang araw. Bago ang pagsunog, kailangan ng mga pagsunog para sa pamamahala ng latian ng Plano sa Pamamahala ng Usok na naaprubahan ng Air District, magbayad ng singil para sa pagsasagawa ng bukas na pagsunog batay sa ektaryang iminumungkahing sunugin, at makatanggap ng pang-araw-araw na pondo para sa pagsunog ng ektarya mula sa Air District.

Ang mga nagsusunog ng latian ay dapat tumawag sa 415-749-4915 bago sumapit ang alas-12 ng tanghali sa araw bago ang pinaplanong pagsunog at mag-iwan ng mensaheng nagsasaad sa panagalan ng property at halaga ng ektaryang susunugin. Bukod pa ito sa dati nang iniaatas sa mga nagsusunog na tumawag sa 415-749-4600 mula 8:30 hanggang 11:30 a.m. sa umaga ng nakaplanong pagsunog bago simulan ang naturang pagsunog upang matanggap nila ang kanilang pondo para sa ektarya, batay sa pagtataya sa lagay ng panahon sa araw na iyon.

Hindi pinapayagan ang mga pagsunog na ito bago mag-10 a.m. o pagkalipas ng 3 p.m. Hindi dapat magdagdag ang nagsusunog ng materyales sa isang sunog sa kasalukuyan o hindi niya dapat hayaan ang flame front ng isang sunog sa kasalukuyan na magtuloy-tuloy pagkalipas ng 3 p.m. Gaganapin ang susunod na panahon ng pagsunog para sa pamamahala ng latian sa Setyembre 1 hanggang Oktubre 15, 2020.

Dapat ding magtanong ang mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya para sa sunog at sa Cal Fire tungkol sa mga kinakailangan para sa lokal na pahintulot at kaligtasan sa sunog.

Maaaring may mga ipinapatupad na karagdagang paghihigpit ang mga yunit ng Cal Fire, kaya mangyaring makipag-ugnayan sa lokal na istasyon ng Cal Fire sa inyong komunidad.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Pinapayagan ang ilang partikular na pagsunog para sa mga layuning pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog, at pag-iwas sa mga panganib ng sunog, bukod sa iba pang layunin, kung naaangkop ang mga kundisyon ng lagay ng panahon para sa pagkalat ng usok. Maraming bukas na pagsunog ang limitado sa mga partikular na panahon sa kabuuan ng taon. Ang bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGSUNOG o araw kung kailan HINDI MAAARING MAGSUNOG, at makakapagtakda lang ng mga pinapahintulutang pagsunog sa itinakdang panahon ng pagsunog para sa mga ito, sa isang itinalagang araw ng PAGSUNOG.

Nalalapat ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kasama ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at mga county ng southern Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District para sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa libreng numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Air District | *Mga Pahayag sa Media*